



VOLUME 7 ISSUE 1 | JANUARY TO MARCH 2024 | ISSN 2719-0293

ATING KAUGNAY

THE OFFICIAL PUBLICATION OF AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE - REGIONAL TRAINING CENTER 5

Resibo ni
RENATO EDAÑO

READ ON PAGE 4



CAFC-CITY OF MASBATE



ATI Book

RCEF EXEMPLARS NG MASBATE

Reseta ni Raquel Banoy

Daan ni Daniel

READ ON PAGE 5

INSIDE

NEWS

- ATI Bicol, Tinanghal na 3rd Best Center, Most Innovative Center! **1**
- Bicol LSAs Join AgriAsenso Exhibit **2**
- Technical Writing: Where Logic Meets Language and Technology Meets Text
- ATI Bicol Capacitates INSPIRE Beneficiaries
- ATIng UMA, Nagbigay Saya sa mga Espesyal na Bisita **3**

FEATURE

- Resibo ni Renato Edaño **4**
- Reseta ni Raquel Banoy Daan ni Daniel Laurio **5**
- IRFA Receives First DFP FarmTech Package **6**
- ATI Bicol Empowers Farmers Through Inbred Rice Seed Production Training **7**
- ATI Dir. Recoter Nakipag-ugnayan sa mga Ka-Agri sa Bicol
- ATI Bicol, Nagdaos ng ika-37 Anibersaryo; Iba't-ibang Aktibidad, Isinagawa **8**
- In Sports, ATI Bicol Upholds Excellence Ethos **9**

ATI-BICOL, TINANGHAL NA 3RD BEST CENTER, MOST INNOVATIVE CENTER!



Tinanggap ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot ang mga parangal mula kay ATI National Director Engr. Remelyn R. Recoter at Assistant National Director Antonieta J. Arceo.

DILIMAN, Quezon City – Muling kinilala ang ATI Bicol bilang isa sa mga 'Best Performing Regional Training Centers' sa buong bansa. Ito'y pagkatapos masungkit nito ang ikatlong pwesto sa ginawang awarding ceremony sa ginanap na 37th anniversary ng ATI sa Diliman, Quezon City nang nakaraang Pebrero 2 ng

kasalukuyang taon. Dahil din sa tagumpay, ito'y tumanggap din ng Php150,000 na premyo.

Kung maaalala, nanguna ang ATI Bicol sa lahat ng 16 training centers sa nakalipas na dalawang taon.

Maliban dito, pinarangalan din ang ATI Bicol sa pagkakaroon

nito ng 'BEST INNOVATIVE PROJECT' dahil sa natatangi nitong proyektong ATIng 'Unlimited Mentoring in Agriculture' o ATIng UMA. Ang UMA ay techno-demo site sa loob ng compound ng ATI Bicol na hinirang din bilang Agri-Tourism Site ng Department of Tourism.

Ang parangal ay tinanggap ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot at iginawad mismo nina ATI National Director Engr. Remelyn R. Recoter at Assistant National Director Antonieta J. Arceo. Kasama ni Center Director Parot sa pagtanggap ng parangal sina Training Specialist II at Admin and Finance Unit, OIC-Chief Melba SM. Bonafe; Planning, Monitoring and Evaluation Unit OIC, Planning Officer II, Nida A. Hagos at Project Evaluation Officer I, Roberto B. Santos Jr. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

Bicol LSAs Join AgriAsenso Exhibit

QUEZON CITY – ATI Bicol together with the Learning Sites for Agriculture (LSA) conquered new heights as product exhibitors in the AgriAsenso Exhibit at Trinoma Mall in Quezon City on February 2-4, 2024.

The exhibit highlighted the 37th Founding Anniversary of the Agricultural Training Institute, which was anchored on the theme "Innovate, Collaborate, Succeed: Growing Together for a Sustainable Future."

This year's anniversary celebration spotlighted "Bagong



Pilipinas" and the Department of Agriculture's goal of "Masaganang Agrikultura, Maunlad na Ekonomiya."

Products from eight LSAs garnered one of the highest sales proceeds among the repertoire of items representing all regions nationwide. The LSAs

from the Bicol Region modeled the farm-to-market value chain at its best.

Pili shell-based items from Avictus Fashion and Accessories (Avicrafts and Styles) in Sorsogon City were also featured in ATI Bicol's product showcase.



About the Cover

This edition features the Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Exemplar Farmers of Darwel Agricultural Farm in Masbate City.

PILI, Camarines Sur – As part of ATI's 37th Founding Anniversary with a theme "INNOVATE, COLLABORATE, SUCCEED: Growing Together for a Sustainable Future," the agency held an activity entitled "Find your Writing Style and More: A Technical Guidance Session on Effective Writing" at Isarog Hall, ATI-RTC V, Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur on February 6-7, 2024. This activity aims to capacitate the participants with knowledge and techniques for effective writing.

The two-day activity was filled with insightful discussion, valuable learnings, and meaningful connections as the participants explored the art of crafting content and discovering their unique writing styles.

The esteemed resource speakers, Ms. Sandra Celi and Ms. Liezl C. Jose of Spread Organic Agriculture in the Philippines, led the engaging sessions that covered a wide range of topics. The participants gained practical knowledge and tips to elevate their writing skills.

Technical Writing: Where Logic Meets Language and Technology Meets Text



The activity highlighted the interactive workshops wherein the participants had the opportunity to apply the concepts learned in real-time. Through hands-on exercises and constructive feedback from peers and facilitators, everyone had the chance to refine their writing abilities and unleash their creativity.

Beyond honing writing skills, the activity fostered a sense of community and camaraderie among participants. Networking sessions provided valuable opportunities for participants to connect with like-minded individuals, share experiences, and exchange ideas. **JOHN KENNETH M. GELARIO**

ATI Bicol capacitates INSPIRE Beneficiaries

PILI, Camarines Sur — The Agricultural Training Institute - Regional Training Center 5 (ATI Bicol) through its Livestock Program in collaboration with the Department of Agriculture - Regional Field Office 5's Livestock Division facilitated the conduct of Trash to Cash: Training on Animal Waste Management and Utilization for Integrated National Swine Production

Initiatives for Recovery and Expansion (INSPIRE) Beneficiaries (Batch 3).

Representatives from various Farmers' Cooperatives and Associations (FCAs) from Camarines Sur and Camarines Norte who are INSPIRE project recipients participated the three-day training.

The training focused on various animal waste management and utilization technologies particularly on biogas technology, odor controlling technologies and production of waste-based by products such as soil conditioners and others.

The beneficiaries will be managing commercial scale swine multiplier farms and



ATIng UMA, Nagbigay Saya sa mga Espesyal na Bisita

PILI, Camarines Sur – Araw ng mga Puso kasma ang mga mag-aaral ng SPED Pili, malinaw na ang kaganapan ay hindi lamang tungkol sa pagdiriwang ng pag-ibig at pagkakaibigan kundi tungkol din sa pag-papaunlad ng kaalaman, kagalakan, at pakiramdam ng pagiging kabilang sa komunidad at paaralan.

Kamakailan, ang ATI Bicol ay binisita ng mga mag-aaral ng SPED- Pili bilang parte ng kanilang Transition Program na nagbibigay ng pagkakataon para sa mga mag-aaral, anuman ang kanilang mga kakanyahan, na lumahok at umangkop sa iba't ibang pangangailangan at kakayahan ng komunidad.

Tiniyak ng ATI Bicol sa tulong ng ATIng UMA Center-based Learning Site for Agriculture – (DOT Accredited Farm Tourism Site) na ang bawat mag-aaral kasama ng kanilang mga magulang at guro ay makakasama sa pagdiriwang at maranasan ang kagalakan ng araw. **MICHAEL D. VILLEZAR**

will help in the repopulation efforts of the local swine industry affected by the African Swine Fever (ASF).

The activity was held March 13-15, 2024 at Orosa Hall, 4H Learning Hub, ATI-RTC 5 Compound, San Agustin, Pili, Camarines Sur. **ROBERTO B. SANTOS, JR.**



RCEF Exemplar Farmers ng Darwel

Nang siya'y magretiro sa kanyang trabaho noong 2006, bumalik si Darlon Amante at ang kanyang maybahay na si Welisa sa Barangay Batuhan sa Masbate City.

Taong 2019, ang Rocky Mountain Farm ay naging Learning Site for Agriculture (LSA) na sertipikado ng Agricultural Training Institute (ATI) bilang modelong sakahan. Sa tulong ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF), nagsimula itong magturo tungkol sa pagsasaka ng palay at mas nakilala bilang Darwel Agricultural Farm.

Ayon kay Jobenel Dela Torre, RCEF Technical Staff ng ATI, kapartner ng ATI ang LSA tulad ng Darwel Farm sa implementasyon ng RCEF-Rice Extension Services Program. "Ang Darwel Farm ay accredited Farm School ng Technical Education and Skills Development Authority. Ang RCEF Scholarship Grants ay binibigay ng TESDA sa mga farmers. Sa Farm Schools tulad ng Darwel Farm, nag-aaral sila once a week sa Farmer Field School. It will run for almost four months. Ang 16 sessions ng FFS ay kailangan nilang matapos. Ang Darwel ay modelo rin sa pagpapalaganap ng technologies tungkol sa rice production at mechanization."



Resibo ni RENATO EDAÑO

Taga-Barangay Usab, Masbate City, si Renato Edaño Jr., 39 years old, ay hinirang na Best Farmer ng Lokal na Pamahalaan. Isa sa mahigit limang daang magsasakang inaruga ng Darwel Farm, natapos nya ang apat na buwang FFS na pinondohan ng RCEF.

"Bilang RCEF Farm School, malaki po ang naitulong sakín ng Darwel," ani Renato. "Kasi marami po ang naitulong saking kaalaman, sa teknolohiya. Yung namana ko sa mga magulang ko na makalumang estilo, ngayon may panibagong teknolohiya sa Darwel.

"Kailangan pala na ang palay parang tao rin na may agahan, tanghali, hapunan. Sa amin wala, noon, basta may abono kami. Na-educate kami kung paano ibibigay ang abono, at tamang oras pagbigay nito. Kasi mamumunga na ang palay. Dito ko nalaman na kung anong kailangan, ibibigay mo.

"Paano mag-preparar ng lupa, at saka tamang oras ng pagtanim – lahat naituturo ni Sir Darlon. Ang maia-advice ko lang sa katulad kong magsasaka, sipag lamang. At ang binibigay ng LGU na oportunidad para sa mga katulad naming mahihirap, wag nating sayangin."

Lubos ang pasasalamat ni Renato sa bagong mga kaalamang nakuha nya

sa Darwel Farm. "Na-improve ang aking pamumuhay dahil sa kaalaman sa pagsasaka. Dati po ang harvest ko maliit lang, nasa 80 plus na sako ng palay. Nang nag-aral po ako dito naka-150 sako ako per hectare. Uma-bot ako ng ganun sa tulong ng Darwel Farm. Na-educate ako. Tapos yung mga naibibigay ng LGU na abono, sprayer... Sabi nga, masaganang ani, malaki ang kita. Yun ang natupad po. Itinuro ni Sir Darlon kung paano mag-budget ng pera."

Batid ni Renato ang mga limitasyon ng magsasakang tulad nya, kaya alam nya kung ano ang solusyon dito. Bukod sa tamang teknolohiya, "sipag po ang puhunan ko at tulong ng LGU na maraming binhi ang binibigay sa amin.

Ma-a-achieve mo yung malaking ani basta nasa tamang proseso po."

Sa tanong na paano nakatulong sa kanyang pamilya ang mataas na kitang naging possible sa tulong ng Darwel Farm, mababanaag sa banayad na boses ni Renato ang tuwa at pagkamangha. "Malaki po ang natulong sa akin ng kinita kasi nakabili ako ng motor. Sa awa ng Diyos sinuwere ako, nakabili ako ng motor. Hindi nga akalain ng kapitbahay ko na nakabili ako ng barako – 82,000 – binili ko yun cash. Kaya proud ako sa sarili ko.

"Nakabili po ako ng TV at saka ref. Dati wala yun, hindi ko yun na-achieve," paglalahad ni Renato. Ang mga kagamitang naipundar ang nag-silbing resibo ng sipag at galing nya sa pagsasaka. "Ang last po ay lupa na pansarili pong binili ko – nasa 42,000. Yun po ang last kong na-achieve."

Isang pangarap ang umusbong sa puso ni Renato. "Baka someday makagaya ako kay Sir Darlon, ang aking idolo. Baka lang po... pero dreams come true," pahayag nya.



Reseta ni RAQUEL BANOY

Bago sya nag-asawa, namasukan si Raquel Banoy, 40 taong gulang at residente ng Barangay Ubongan Dacu, bilang katulong sa Maynila. 'Di maiwasang ihambing nya ang pamasukan at pagsasaka. "Bilang usad po na babae, hindi naman po mahirap magsaka, kung talagang masipag po tayo. Maganda pong magtanim po tayo, kahit sa pang-araw-araw natin na pwedeng makuha natin, makakatu-long po yun. Malaking tulong po yun.

"Maganda nga po yung pagsasaka kesa maging kasambahay po, mas maganda ang pagsasaka kasi kasama mo ang pamilya mo po," dagdag ni Raquel. "Salamat po sa Darwel Farm kasi sila po yung tumulong sa amin para matuto o makakuha po ng kaalaman."

Si Raquel ay nagpapaaral ng limang anak at nag-aalaga ng asawang may sakit. Bagama't halos walang bakan-teng oras ang isang ginang na tulad ni Raquel, sinikap nyang matapos ang apat na buwang FFS sa Darwel Farm. Ito'y dahil alam nya ang halaga ng kaalaman. "Kung wala po tayong kaalaman, kung basta lang tayo magtanim, mahirap naman po."

Dahil sa kanyang mga natutunan, gumanda ang ani ni Raquel. "Ngayon, nakaani na po kami ng 160 or 180 (sako ng palay). Yung mga nagastos po namin, parang naibalik sa amin. Kahit nag-aaral po ang tatlo kong anak, nakabili din po ako ng TV, nakapaayos din po ako ng bahay namin." Malaking tulong rin ang binhi at mga pataba mula sa lokal na pamahalaan.

Sa kapwa kababaihan, nirerekomenda ni Raquel ang pagsasaka. Malaking tulong ito upang matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya. "Sa palayan po namin, naggugulayan po ako. Dun po kami kumukuha ng pang-araw-araw."



Daan ni DANIEL LAURIO

Taong 2020 nang nag-aral si Daniel Laurio sa Darwel Farm. Wari'y isang daanan ang nagbukas sa kanya tungo sa kasaganahan. "Nag-training po ako dito sa Darwel Farm. Natutunan po namon sa pag-aral namon dito sa Darwel kung papano mapadami an ani sa produksyon sa rice san mga kabasan namon.

"Kasi san mga dati, an aram namon, pinapahabsan an kabasan pakatanom, kaya mas nagadamo dali an dinghot, kaya dili kami nakakaani san damo. Pero san naka-eskwela kami, natutunan namin na dili pala dapat na pagpahabsan pakatanom an humay. Dapat igwa san 2-3 cm an tubig palagi sa bagong tanim na palay."

Bukod sa tamang patubig, nalaman ni Daniel ang halaga ng tamang paghanda ng binhi. "Kag natutunan namin na sa pagdalugi (seed preparation) pa lang, kung paano an tama na pagbabad san dalugi, kag kung kailan tama sa adlaw ang pagatanom, kung pira ka-adlaw. Kaya malaking tulong an nakaadal kag nakakuha sa tamang teknolohiyang pinaagi ki Sir Darlon.

"Natutunan din namin kung papano mag-apply san abono sa tama na pag-aabono. Kasi dati nababalik-wara an amo pag-aabono kasi pag may-adlaw, minsan aga, mag-aabono kami. Hindi gali dapat kasi an abono nitrogen sya, pwede madara sa



adlaw, ma-evaporate. Pero sa amon natutunan, talagang nakita namon an resulta na napakaganda san among mga kabasanan."

Bukod sa pagsagawa ng mga natutunan, naibahagi rin ni Daniel at Raquel ang kanilang kaalaman sa mga kapwa magsasaka. "Ay dami na kami naturuan sa amon mga kapitbahay na mga paraoma, dun sa amin. Kasi ina-share man namon an amon naaraman sinda para lahat kami makinabang na magkakapitbahay doon sa amin," pahayag ni Daniel.

"Nakalilibay kasi ina-apply man nila, an iba hindi. Pero an iba nagatuod gayod, lalo nakita man ninda sa amon mismo kabasanan na talagang nag-ani san damo. Kaya damo na salamat lalo didi ki Sir Darlon sa pagtukdo nya sa amon san tama na teknolohiya, lalo na sa land preparation, an

pinakaimportante. Kasi dati, minsan dili pa dulot an mga dinghot (weeds), tanuman na. Yana hindi ili pwede, dapat 30 days na magin himo na abono iton na mga dinghot para mas madagdag na abono sa mga omay."

Ang tamang kaalaman ni Daniel ay nagbunga dahil isinagawa nya ang kanyang mga natutunan. "Inaktwal namon an amo natutunan, talagang amon ginawa sa among kabasanan. Kaya nakita namon an resulta na talagang napadami an ani san among kabasanan san hintukdo sa amon ni Sir Darlon. Talagang dakulang bulig sa amon. Kasi dati nag-aani lang kami 30-40 sako ng palay, pero ngayon mas malaki na, aabot na sa sobra 100 sako an naaani namon sa palay.

"Kaya malaking tulong an nakaadal kan, nakakuha san tama na teknolohiya pinaagi san ki Sir Darlon. Dako an

among pasalamat kay Sir Darlon na natukduan kami san tama na teknolohiya sa pag-ooma."

Dahil batid ni Daniel ang halaga ng masaganang ani sa pag-unlad ng bansa, nais nyang mas maraming magsasaka ang maging maalam sa pagsasaka. "Kag sa mga paraoma, inaagda namon sinda na kung pwede maka-eskwela gad sinda sa pag-ooma kay dako na bulig sa ato bilang mga Pilipino. Kasi nagkukulang kita sa bigas sa atong bansa. Sulo ngani sa survey, para 15% lang an kaya suplayan san bigas naton sa Pilipinas, 85% hali sa mga import pakadi sa aton hale sa iba na mga bansa.

"Kaya mas maayo na makaadal gayod kita sa tama na pag-ooma para makinabang an ato sadiri na bansa bilang mga Pilipino." **PRIMALOU B. IMPERIAL**

IRFA RECEIVES FIRST DFP FARMTECH PACKAGE

VIRAC, Catanduanes – Empowering farming communities in the Province of Catanduanes through digital tools and mobile technologies, Ibong Sapa Rice Farmers Association (IRFA) received first Digital Farmers Program (DFP) Farm Tech Package during the Memorandum of Agreement (MOA) Signing and Turnover Ceremony on March 12, 2024 at Virac, Catanduanes.

DFP FarmTech is one of the components of DFP inspired by the PLDT-Smart's School-in-a-Bag, a portable digital training resource developed to facilitate learning in digital agriculture.

The package includes 6 units smartphone, a tablet, projector with white screen, portable audio system, portable wifi, load cards, flash drives with resources, IEC materials and learning

modules on DFP 101, DFP 102 & DFP 103.

Ibong Sapa Rice Farmers Association, identified as pilot beneficiaries, has successfully completed the DFP 101 and 102 Training of Trainers on October 24-26, 2023 at Virac, Catanduanes, equipping themselves with the necessary knowledge, skills, and tools to effectively deliver and implement activities

under the DFP and contribute to the success and outcomes of the program.

Present during the ceremony were: ATI Bicol Center Director Elsa A. Parot; Provincial Agriculturist Ace William Tria; Provincial Rice Focal Lorna Vargas; Municipal Agriculturist Jimma V. Tadoy; Ibong Sapa Brgy. Captain Danilo Romero; and IRFA President Zaldy Sarmiento. **CHRISTIAN T.R. TOSOC**



ATI BICOL EMPOWERS FARMERS THROUGH INBRED RICE SEED PRODUCTION TRAINING



The participants collect off-types and weeds during their field inspection and rouging activity.

NAGA CITY, Camarines Sur– The Agricultural Training Institute – Regional Training Center V (ATI Bicol) continues its mission as a catalyst for agricultural development in the region. Recently, the Center organized a comprehensive training titled "Strengthening Seed System For Rice Farming: Swak na Ani sa de Kalidad na Binhi (Training on Inbred Rice Seed Production, Certification, and Quality Control for Potential Seed Growers with GAD Concepts) Batch 1" on March 18-22, 2024 at Dagooc Integrated Farm in Brgy. Carolina, Naga City. The event aimed to equip potential seed growers with the necessary skills and knowledge to produce high-quality inbred rice seeds.

Twenty-eight participants from various provinces across the Bicol Region, including Camarines Sur, Catanduanes, Albay, and Masbate, attended the training.

The training covered a wide array of topics crucial to inbred rice seed production, including seed certification policies, cultural management practices, varietal selection, seed testing methods, and postharvest technologies. Special em-

phasis was given to gender and development, aligning with the celebration of National Women's Month.

Hands-on activities formed an integral part of the training, allowing participants to apply their newly acquired knowledge in real-world scenarios. Practical sessions on field inspection, seed testing, and quality control were conducted in various locations. Participants actively engaged in activities such as moisture content determination and physical purity tests, enhancing their skills and understanding of seed production processes.

The training culminated in a closing program where ATI Bicol Center Director Elsa A. Parot commended the participants for their dedication. She stressed the importance of producing high-quality inbred rice seeds to improve rice production in the Philippines and urged the participants to apply what they learned in their communities.

Three participants were selected to share their insights, highlighting the impact of the training on their knowledge and skills. The positive feedback from participants underscores the success of the program, indicating ATI Bicol's commitment to empowering farmers and advancing agricultural sustainability in the region. **LOUISE M. VARGAS**

ATI DIR. RECOTER NAKIPAG-UGNAYAN SA MGA KA-AGRI SA BIKOL



Binisita ni ATI National Director Remeilyn R. Recoter ang mga representante ng pribadong sektor na may mahalagang partisipasyon sa agrikultura sa rehiyon ng Bicol kung saan imbitado sya sa isang pagpupulong ng Kagawaran ng Pagsasaka.

Una rito ang San Agustin-San Ramon Agrarian Reform Farmers Cooperative (SARFC) sa Bula, Camarines Sur na aktibong partner ng Kagawaran sa Farm and Fisheries Clustering and Consolidation (F2C2) Program.

Matapos nito, nakipag-kumustahan din si Director Recoter kay Engr. Ray Deloverges, may-ari ng Deloverges Agri-Farm, isang ATI-certified Learning Site for Agriculture (LSA) na matagumpay na isinusulong ang produksyon, pagproseso at pagbenta ng dahon ng gabi sa lokal at internasyonal na merkado.

Nagkaroon rin ng pagkakataong makadaupang-palad ni Director Recoter si Mr. Jomarie Leo Florece, Executive Director ng Bicol LSAs, Inc. upang higit pang pa-igtingin ang panukalang Top555 Agro Enterprise Clustering Approach (AECA).

Maraming Salamat sayong pagbisita, Director Remie! **PRIMALOU B. IMPERIAL**

ATI-Bicol, Nagdaos ng ika-37 Anibersaryo; Iba't ibang aktibidad, isinagawa



PILI, Camarines Sur –Naging masaya at makulay ang paggunita sa ika-78 anibersaryo ng ATI na ginanap noong ika-8 ng Pebrero 2024 sa ATI Bicol Compound. Ang tema sa taong ito ay INNOVATE, COLLABORATE, SUCCEED: Growing Together for a Sustainable Future”

Si Center Director Elsa Parot, kasama ang halos 60 kawani at personahes ng ATI Bicol ang nag-welcome sa halos isang daang bista ng kinabibilangan ng mga panauhaing pandangal mula sa iba't bang sektor ng Lipunan.

Kabilang dito ang mga matataas na opisyal ng mga National Government Agencies, State Universities and Colleges, Provincial at Local Government Units, Learning Sites for Agriculture (LSA), at pribadong sektor. Pangunahing bisita sina Albay Provincial Agriculturist Cheryll Rebeta, Camarines Norte Provincial Agriculturist Engr. Almirante Abad at Naga College Foundation President Mario Villanueva.

PAGBASBAS SA BAGONG GUSALI

Inumpisahan ang aktibidad sa isang banal na misa na pinangunahan ni Fr. Jene Lois Sarmiento, ang Parochial Vicar ng St. Raphael the Archangel Parish sa Bayan ng Pili. Pagkatapos

nito ay binasbasan naman ang pangalawang palapag ng gisali na siyang nagsisilbing bagong tahanan ng Information Services Section (ISS), Career Development and Management Services Section (CDMS) at Partnership and Accreditation Services Section (PASS).

PAGKILALA SA MGA PARTNER

Pagkatapos nito, nagkaroon ng pagkilala at pamimigay ng mga plake ng pasasalamat sa mga partner at mga stakeholders. Kinabibilangan ito ng Department of Agriculture-Regional Field Office 5, Department of Tourism, Department of Science and Technology, Department of Social Welfare and Development Field Office 5, Department of Labor and Employment, Technical Education and Skills Development Authority at Bureau of Jail Management and Penology.

Pinarangalan din ang mga partner na SUC kasama ang Bicol University, Central Bicol State University of Agriculture, Sorsogon State University, Camarines Norte State College, Partido State University, at Dr. Emilio B. Espinosa, Sr. Memorial State College of Agriculture and Technology (DEBESMSCAT).

Kasama din ang pribadong kolehiyo gaya ng Naga College Foundation at Yhobel Christian Academy.

Binigyang pugay din ang mga katuwang na Office of the Provincial Agriculture at Provincial Veterinary Offices, kagaya ng Albay Provincial Agriculture Office at Albay Veterinary Office; Office of the Provincial Agriculturist-Camarines Norte at Provincial Veterinary Office-Camarines Norte; Office of the Provincial Agriculturist-Camarines Sur; Office of the Provincial Agriculturist-Catanduanes at Provincial Veterinary Office-Catanduanes; Office of the Provincial Agriculturist-Sorsogon at Provincial Veterinary Office-Sorsogon; at Office of the Provincial Agriculturist Masbate at Provincial Veterinarian Office Masbate.



PAGGAWAD SA PILING LSA, FITS CENTER at ESP

Biniyayaan ng training support ang mga bagong LSA sa ilalim ng Coconut Farmers and Industry Development Plan. Ito ang Ragay Coco Eskwela Turismo Kabuhayan Agriculture Cooperative (Ragay Coco Sentral) ng

Ragay, Cam Sur at Bicolandia Organic Coco Farmers Agriculture Cooperative ng Sipocot, Cam. Sur.

Nagawaran din ng Extension Support ang tatlong (3) Farmers Information and Technology Services (FITS) Centers sa Albay. Ito ang mga FITS Center ng Malilipot, Daraga at Bacacay.

Muli namang nabigyang accreditation bilang Private Agriculture and Fisheries External Service Provider ang Sonrisa Farm Assessment and Learning Center, Inc. ng Magarao, Camarines Sur.

Binigyan naman ng pagkilala ang mga LSA na naging gabay ng mga iskolar ng ATI sa ilalim ng Youth Scholarship on Organic Farming (YSGOF). Ito ang Ocbian Nature Farm School ng Castilla, Sorsogon; Carmel Agri-Learning Farm, Inc. ng Pili, Camarines Sur; Deloverges Agri-Farm ng Bula, Camarines Sur; at Albay Farmers Bounty Village at El Miro De Shei Integrated Farm ng Camalig, Albay.



PAGKILALA SA MGA TAGAPAGPATUPAD NG PAFES

Ang Pamahalaang Lalawigan ng Camarines Norte ang hinirang na 'Best Province-Led Agriculture and Fisheries Extension System (PAFES) Implementer.' Kinilala din ito sa 'Exemplary Liquidation Report.'

Ang Albay ay tinanghal bilang 'greatest number of trainings/activities conducted under PAFES.'

Ang mga lalawigan ng Catanduanes

at Masbate sa 'Distinct commodity implemented under PAFES.'

Samantala, ang Sorsogon ay nahirang sa 'Timely execution of trainings/activities under PAF.'



ATI LOYALTY SERVICE AWARDEE

Si Ma. Milagros B. Laysa, Administrative Aide I, ay pinarangalan dahil sa kanyang 40 taong serbisyo bilang kawani ng gobyerno. Ang kanyang apat na dekadang paglilingkod ay higit pa sa sa kasalukuyang pag-iral ng ATI.



COMMITMENT SIGNING at TEAM-BUILDING

Ang huling kaganapan ay ang commitment signing ng lahat ng permanenting kawani ng ATI Bicol sa Work and Financial Plan para sa kasalukuyang taon. Ang bawat isa ay lumagda sa kani-kanilang mga target na gagawang aktibidad at pagsasanay. Lahat naman ay pumirma sa malaking 'Pledge of Commitment Wall.'

Pagkatapos nito, nagkaroon ng isang team-building na pinangunahan mismo ni Director Parot. **ISAGANI C. VALENZUELA, JR.**

IN SPORTS, ATI BICOL UPHOLDS EXCELLENCE ETHOS

LIPA CITY, Batangas – In the first-ever Sportsfest of the Agricultural Training Institute (ATI) Luzon Cluster B, comprising four ATI Training Centers in South Luzon, ATI Bicol Vulcan Rumlbers brought home the Overall 1st Runner-up award.

Spearheaded by the ATI-International Training Center on Pig Husbandry (ITCPH) in Lipa City, Batangas, the ATI Cluster Luzon B Sportsfest took place at the ATI-ITCPH grounds on February 23-25, 2024. During the first round of competitions, ATI Bicol scored its first high points when Marjhan Ramboyoung, Media Production Specialist II, won as Mr. Sportsfest while Queenie Love Belza, Rice Program Technical Staff, bagged the Ms. Sportsfest title.

The Center missed winning the championship Basketball game by one point, but the event cemented the Center's commitment to its core values, particularly integrity and teamwork. During the basketball championship, Vulcan Rumlbers basketball center Alfrench Nissorada, Accountant I, needed three stitches on a gash below his lip, after he was elbowed in the thick of the game. As ATI Bicol Center Director put it, in giving the game their best, ATI Bicol personnel literally shed sweat and blood.

The three-day sportsfest also featured physical and skill sports – basketball, volleyball, cheer dance, table tennis, badminton, dart, chess, and scrabble with men and women's categories. In addition, it also showcased dodge ball, table football, and patintero as fun games.

In all major and minor competitions, the Center scored 17 wins.



- 1st in Mr. Sportsfest 2024
- 1st in Ms. Sportsfest 2024
- Champion in Women's Badminton
- Champion in Men's Scrabble
- Champion in Women's Scrabble
- Champion in Table Football
- 1st Runner-up in Men's Basketball
- 1st Runner-up in Men's Table Tennis
- 1st Runner-up in Men's Chess
- 2nd Runner-up in Cheer Dance competition
- 2nd Runner-up in Men's Volleyball
- 2nd Runner-up in Mixed Table Tennis
- 2nd Runner-up in Mixed Badminton
- 2nd Runner-up in Men's Dart
- 2nd Runner-up in Women's Dart
- 2nd Runner-up in Dodge Ball
- 2nd Runner-up in Patintero
- 3rd Runner-up in Women's Basketball
- 3rd Runner-up in Women's Volleyball
- 3rd Runner-up in Women's Table Tennis
- 3rd Runner-up in Men's Badminton
- 3rd Runner-up in Mixed Dart
- 3rd Runner-up in Women's Chess

Behind the scenes, the non-contestants extended all efforts – organizing week-before practice sessions, fine-tuning their events management skills, bolting out cheers for the contestants and competitors during the game itself. In the process, the ATI Bicol personnel got to know their coworkers in other Centers in Luzon Cluster B. This bolstered camaraderie among the Centers.

Sports means fair and generous behavior or treatment of others. Even more important at work, these are traits that ATI Bicol upholds in its commitment to excellence, even in sports.
PRIMALOU B. IMPERIAL



ATING KAUGNAY NEWSLETTER

Editorial Board:

- Technical Advisers | ELSA A. PAROT | EMMANUEL L. OROGO | ENGR. KRISTINE O. OLILA
- Editor-in-Chief | PRIMALOU B. IMPERIAL
- Editor/Writer | ISAGANI C. VALENZUELA, JR.
- Layout Artist | CHRISTIAN T.R. TOSOC
- Contributors | JOHN KENNETH M. GELARIO | LOUISE M. VARGAS | MICHAEL D. VILLEZAR
- CHRISTIAN T.R. TOSOC | ROBERTO B. SANTOS, JR.
- Photo Credits | PROJECT IMPLEMENTERS

This newsletter is published quarterly by the Information Services Section
 Department of Agriculture - Agricultural Training Institute - Regional Training Center V (Bicol)
 Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur | www.ati2.da.gov.ph/ati-5